# 1

Napaangat ang ulo ni Janette nang marinig ang tunog ng telepono sa ibabaw ng kanyang mesa. She picked up the phone while studying the papers containing information about the cases that their agency would be handling in the next few weeks.

"*Buenavista Detective Agency*, good morning! May I know who's on the line please," magalang na bati ni Janette sa nasa kabilang linya.

"Hello, Janette. Mabuti naman at naabutan pa kita riyan," masiglang sagot ng caller na walang iba kundi si Mr. Marcial Buenavista, ang daddy niya na siyang namamahala ng negosyo nilang iyon, kung saan siya nagtatrabaho bilang assistant.

Sa ilang taon pag-operate ng *BDA*, iba't ibang detective jobs na ang tinanggap nila. Masasabing kilala na sila sa sirkulo na iyon. Pawang papuri at positive comments ang ibinibigay sa kanila ng kanilang nagiging kliyente kaya naman ganado talaga silang mag-ama, sampu ng mga well-qualified at well-trained na detective agents, na gawin ang lahat ng inaasahan ng mga humihingi ng kanilang serbisyo.

Kung hinihingi ng pagkakataon ay sila mismo ang kumikilos upang isagawa ang trabahong ipinagkatiwala sa kanila ng kliyente nila.

"Hello, Daddy. Bakit hanggang ngayon ay wala ka pa rito? Let me inform you, Dad, you're thirty minutes late. Sige ka, dadami deduction mo sa payslip," pananakot ni Janette sa ama sa himig na nagbibiro.

"Uh huh. Let me remind you rin, Miss Buenavista, assistant lamang kita. Ako pa rin ang boss mo dahil ako ang General Manager ng *BDA*. Isa pa'y hindi ko kailangang magmadali sa pagpasok dahil nandiyan naman ang aking very efficient at competent na assistant," ganting biro sa kanya ng ama.

"Hmph, nambola ka pa! If I know, naglalakwatsa lang ang old Dad ko. Pumasok na po kayo at marami tayong tanggap na trabaho."

Napatawa ito. "Miss Buenavista, how many times do I have to tell you na kalabaw lamang ang tumatanda? Kung gugustuhin ko nga ay puwede pa akong mag-asawa uli. I'm sure matutuwa ka kung magkakaroon ka ng bagong mommy at tuloy ay bagong kapatid, hindi ba?"

Natigilan si Janette sa kabilang linya. "W-why,

Dad? Kaya ka ba tumawag ay para sabihin sa aking may ipapalit ka na kay Mommy?”

Malakas na tawa ang isinagot ni Marcial sa anak. “Silly! I was just kidding. Kung mayroong dapat magpakasal sa ating dalawa, walang iba iyon kung hindi ikaw, hija. It’s about time na kalimutan mo na ang mga nangyari dati.”

Saglit siyang natahimik. “Dad, pagtatalunan na naman ba natin iyan?”

“O, siya, siya. Alam ko namang ganyan ang magiging reaksyon mo sa tuwing napag-uusapan natin ang tungkol sa nakaraan. Pero ito lang ang masasabi ko sa iyo, hija. Hindi mo kasalanan ang mga nangyari. Biktima ka lamang ng mga pagkakataon. ’Yung kay Dwight, at lalo na ’yung kay Lervin.”

Dahil sa pagbanggit nito sa dalawang pangalan, hindi niya tuloy napigilan ang kudlit ng nakaraan. Ngunit ginambala siya ng tinig ng ama.

“Hello, Janette! Are you still there?” impatient na tanong nito mula sa kabilang linya, na nagpabalik sa kanyang isip sa kasalukuyan.

“H-ha? O-of course naman, Dad! B-by the way, bakit ka nga pala napatawag? Nasaan ka ba at hindi ka na lang dito sa agency makipag-usap sa akin?”

Saglit na hindi kumibo si Marcial sa kabilang linya. Napansin nito sa reaksyon niya na ayaw na niyang ungkatin pa ang tungkol sa nangyari noon. He sighed. “Nandito ako sa isang coffee shop sa *Megamall*. Kausap ko ang kumpare kong si Ferdie na dati kong kaklase n’ung high school and college. May inire-refer siya sa aking trabaho. Medyo malayo sa nature ng nakagawian nating tanggapin, kaya lang ay sinadya pa talaga akong hanapin ng kumpare kong ito, para nga pakiusapan ako tungkol sa problema ng pamangkin niya.”

“Tungkol ba saan iyon, Dad?”

“Simple lang naman ang trabaho, for three weeks ay babantayan lang ang kambal na anak ng pamangkin niyang walang iba pala kung hindi si Mrs. Erika de Ocampo. I’m sure you’re familiar with her dahil nasa headline ng morning paper the other day ang kontrobersyang kinasasangkutan ng babae at ng asawa nito, gayundin ang pamilya mismo ng lalaki.”

Nanlaki ang mga mata ni Janette. Alam niya ang balitang sinasabi ng ama, pero hindi iyon ang ikinakagulat niya kundi ang trabahong binanggit ng ama.

“But Dad, di tayo tumatanggap ng babysitting

job!"

"Yeah! I know, hija. Kaya lang ay hindi ko matanggihan ang kumpare ko especially when he introduced the twins to me. I know you'll love them too kapag nakilala mo sila. They really look like angels, hence the names Angela and Angelo. Alam ko kung gaano ka kahilig sa bata, kaya nga nagtataka ako kung bakit hindi ka pa nag-aasawa hanggang ngayon. I know you'll be a good mother. At alam mo bang naisip kong you'll be perfect for this job?"

Muntik nang mabitawan ni Janette ang telepono nang marinig ang sinabi ng ama. "Me? P-pero alam mong nag-file na ako ng vacation leave starting on Monday!"

"I know, hija! Kaya nga natutuwa ako kasi'y parang blessing in disguise ang pagkakahanap sa akin ng kumpare ko. Alam kong ang gusto mong puntahan ay isang tahimik na lugar, where you could do a lot of soul searching. Tamang-tama dahil ang dalawang bata ay aalagaan at babantayan mo sa isang private resort na pag-aari mismo ng tiyuhin ng kambal. You'll stay in a big cottage, fronting the beach with white sand. Alam kong you couldn't resist to go to a place like that."

"Hmph, I do not know what you're up to, Dad. But

why do I have this feeling na parang ikinompromiso mo na ako?” nagtatampong aniya.

“Oh, baby, don’t say that! You know I want only the best for you. Gusto ko lang makita ka muling sumaya kagaya ng dati. At mangyayari lamang iyon if you will only learn to forgive and forget.”

“O-oh, not again!” pigil niya sa ano pa mang sasabihin nito. “Going back to the baby-sitting issue, ang sabi mo’y pagbabakasyunin mo ako. How could I possibly do that kung pag-aalagain mo ako ng bata, at kambal pa, ha?”

Napangiti na si Mr. Marcial Buenavista sa kabilang linya. Alam nitong malapit na nitong mapapayag ang anak.

“Ang s’abi ng kumpare ko, hindi naman mahirap alagaan ang dalawang bata. They are both very responsible and well-behaved. At saka hindi mo naman solo ang pagbabantay sa kambal. Their uncle would be there as well…”

“What! May makakasama akong lalaki sa cottage?” dismayadong sabi ni Janette.

Napatawa ito. “Let me give you the details first, okay? Ferdie here is telling me that this uncle is a writer. And everytime he wants to write a script, a

novel or a book, he always goes there to the cottage dahil nga tahimik ang lugar.”

“S’abi pa ni Ferdie, ito nga raw mismong uncle ng kambal ang nag-suggest na maganda ngang doon babantayan ang dalawang bata, pero hindi siya ang gagawa noon, kundi ang sinuman na kukunin nga nitong kumpare ko. And since ikaw nga agad ang pumasok sa isip ko, kahit na ’andoon ang uncle ng mga bata, you will still be the first and foremost responsible sa welfare ng mga pamangkin niya.”

“Bakit kasi kailangang doon pa sa cottage alagaan ang dalawang bata? For sure ay may bahay naman ang mga iyon, so ba’t hindi na lang doon?” inis na tanong ni Janette.

“I’m not sure why, pero sabi ni Ferdie ay parang gusto yatang itago ng pamilya ng babae ang mga bata sa pamilya ng asawa nitong lalaki. Ayaw ko namang magmukhang tsismoso, pero ang sabi’y gusto raw kidnapin ng ama ang mga bata para ilayo sa ina. S’abi lang iyon, ah.”

“Pero huwag na nating problemahin ang tungkol sa bagay na iyon. Ang inilapit lamang nila sa atin ay ang tungkol sa pagbabantay sa dalawang bata, nothing more. Alam kong hindi mo sila mapahihindian, Janette. The twins, I mean. They

are so sweet, so cute," kumbinsi pa rin ng kanyang ama.

"Ganito na lang ang isipin mo, you will have an all-expense-paid vacation at the beach with two lovely kids in tow… and with pay! S'an ka pa, di ba? At hindi lang iyon, napagbigyan ko pa ang pakiusap sa atin ng kaibigan kong matagal ko ring hindi nakita."

Sa isip ni Janette ay nagtutumining ang isang ideya. Kahit pa walang perang involved ay interesado pa rin siya na tanggapin ang trabahong iyon.

At may palagay siyang batid iyon ng kanyang ama. Her father knew her too well. Sigurado ito na hindi niya matatanggihan ang offer nito lalo na at peace and quiet sa isang beach resort ang hinahanap niyang bakasyon.

"Hello, Janette? Are you still there? Hindi naman kita pinipilit, kung ayaw mo'y…"

Pero hindi na pinatapos pa ni Janette ang sinasabi ng ama."Yes, Dad, I'm gonna take that job."

Pagkasabi noon ay inalam lang ng dalaga sa ama kung paano siya makakarating sa sinasabi nitong cottage at pagkatapos ay ibinaba na niya ang telepono. Napailing si Janette. Kailangan

talaga niyang makapag-soul-search. At bago pa niya mapansin, tuluy-tuloy na dumaloy sa isip niya ang mga alaala…

# 2

*Six years ago...*

"Uyy! May bulaklak at imported chocolates na naman ang ating friend. Kung hindi kami nagkakamali ay kay Lervin na naman galing iyan," kantiyaw kay Janette ng kaibigang si Lindy na nasa tabi lang niya.

Naroon sila sa waiting shed sa loob ng kanilang eskuwelahan, nakaupo habang naghihintay ng oras para sa susunod nilang klase. Katapat ng kanilang inuupuan sina Arlene at Erna, na kagaya ni Lindy ay maluwang din ang pagkakangiti nito dahil nga sa regalong hawak niya.

Kagaya nilang apat ay fourth year high school na rin ang suitor niyang si Lervin sa paaralang iyon, ang *Infant Jesus Academy*. Iyon nga lang, nasa ibang section ang lalaki.

Matagal na itong nanliligaw sa kanya, pero kahit ano ang gawin ni Janette ay wala siyang makapa sa dibdib na gusto rin niya ang lalaki. Sa katunayan ay tinapat na niya ito at hiniling na kung puwede ay friends na lang sila kaya lang ay talagang makulit

ito.

“Kanino pa nga ba?” nakasimangot na sabi ni Janette.

“Ano ba kasi ang inaayaw mo kay Lervin? Bukod sa guwapo na, mayaman pa,” sabat ni Erna.

“Oo nga at huwag kakalimutang siya rin ang star player ng ating varsity team ng basketball. Halos lahat ng mga babae dito sa campus, may crush sa kanya. Suwerte mo nga dahil ikaw ang na-type-an niya,” ani Arlene.

“Oo, tama nga kayo sa mga sinabi ninyong iyan. May palagay nga akong pati kayo na mga kaibigan ko ay may crush din sa lalaking iyon. Pero nakalimutan n’yo na ba ang iba pang ugali na taglay rin ng lalaking iyan. Sobrang yabang niya,” mataray na sabi ni Janette. Pakiramdam niya ay mas madalas na nasa hambog na lalaki ang simpatya ng mga ito kaysa sa kanya.

Nagulat ang mga ito dahil sa biglang pagtayo ni Janette.

“O, saan ang punta mo? Hindi pa naman tapos ang breaktime, ah,” tanong ni Erna na sinang-ayunan naman nina Arlene at Lindy.

“May sasaglitin lang ako sa library. Siyanga pala, sa inyo na ang mga ito,” simpleng sabi niya sabay abot sa mga kaibigan ng hawak na bulaklak at tsokolate.

Nagtataka man ay tinanggap ng tatlo ang ibinibigay ni Janette. Wala na rin silang nagawa kundi tanawin ang paglayo niya.

Hindi naman siya sa library nagpunta kung hindi sa cafeteria na naroon din sa loob ng *IJA*. Ngunit pagpasok niya ay parang gusto niya agad lumabas nang makita roon si Lervin. Kasama nito ang mga kabarkada na kasamahan din nito sa varsity team ng kanilang school. Maluwang ang ngiti nito at agad na tumayo nang makita siya.

Mabilis namang naghanap ang mga mata ni Janette ng kakilala sa mga nakaupong naroroon na puwede niyang lapitan upang makaiwas sa pangungulit ng manliligaw. Ganoon na lang ang pasasalamat ni Janette nang mamataan si Dwight, ang ‘walking encyclopedia’ ng kanilang section. Nag-iisa ito sa mesang inookupa at tahimik na kumakain.

Dali-dali niyang tinungo ang kinaroroonan nito bago walang sabi-sabing naupo sa silyang katabi ng nagitlang lalaki.

"D-Dwight, kanina pa kita hinahanap kasi ay magpapaturo sana ako sa iyo tungkol sa assignment natin sa Physics," ani Janette kahit ang totoo ay tapos na niyang gawin ang nabanggit na takdang aralin.

"A-alin doon?" nag-i-stammer na tanong ni Dwight. Sa totoo lang, hindi inaasahan ng binatilyo ang paglapit ng babae na matagal na nitong lihim na hinahangaan. Walang nakakaalam niyon dahil bukod sa wala itong ka-close sa klase nila, ayaw rin nitong mapagtawanan.

Alam ni Dwight na hindi ang tulad niya na isang class nerd ang nababagay kay Janette na tinaguriang campus queen dahil sa ganda at talino. Nagtataka nga ang lalaki kung bakit lumalapit ang babae ngayon dito tungkol sa kanilang assignment.

Hindi agad nakasagot si Janette dahil sa biglang paglapit sa kanila ni Lervin. Abot-tainga ang ngiti nito dahil napansin nito ang humahangang tingin ng mga babaeng nadaanan nito habang palapit sa table na kinaroroonan nila ni Dwight.

"Janette, puwede ka bang maimbitahan sa table namin?" tanong ni Lervin sa malakas na boses. May palagay ang dalaga na sinadya nito iyon upang ipaalam sa lahat ng naroroon sa cafeteria na siya

ang masuwerteng pinag-uukulan nito ng espesyal na pagtingin.

Well, hindi ganoon ang nararamdaman ni Janette. At wala rin sa kanyang hinagap na paunlakan ang imbitasyon nito.

"Ahm, pasensya ka na, Lervin. Kasi may ipinapaturo ako kay Dwight tungkol sa assignment namin sa Trigonometry at Physics. Kung pagbibigyan ko ba ang imbitasyon mo ay matuturuan mo ako sa mga subjects na iyon?" naghahamong tanong ni Janette sa lalaki. Alam niyang nangangamote ito pagdating sa academics.

Bahagyang namula ang mukha ng varsity player. "P-pero hindi ba't matalino ka rin naman? Pang-number three ka nga sa over-all honor list ng fourth year students, di ba? So bakit ka pa magpapaturo sa nerd na ito?" nakasimangot na tanong ni Lervin sabay turo sa nakaupong si Dwight na walang kibo habang palipat-lipat ang tingin sa kanilang dalawa.

"Nagkataon kasi na hindi ko masyadong naintindihan ang explanation ng teachers namin sa subjects na iyon. Medyo masakit kasi ang ulo ko noon. I know na si Dwight lang ang puwede kong mapagtanungan kaya okay lang ba kung magpaturo na ako sa kanya? Any moment now ay puwede nang

mag-bell kaya… if you'll excuse us," pigil ang inis na aniya. "Oh, by the way, salamat nga pala sa bulaklak at chocolate na ibinigay mo," walang kabuhay-buhay na pahabol ng dalaga.

Pagkasabi noon ay nakangiting bumaling si Janette kay Dwight. Wala siyang kaalam-alam, parang dini-dribble ang puso ng kaharap niya sa sobrang kagalakan dahil sa ngiti niyang iyon at sa pagpili niyang manatili sa mesa nito.

Walang nagawa si Lervin kundi ang lumayo. Ayaw nitong lalong mapahiya.

"T-tungkol ba saan ang hindi mo masyadong naintindihan?" tanong ni Dwight nang ganap nang makalayo sa kanila si Lervin.

May fondness na sumungaw sa mga mata ng dalaga nang makita ang tipid na ngiti ng kaharap, kahit pa nga ba mukhang hiyang-hiya ito sa kanya.

Truth be told, gusto ni Janette ang ugali ng kaklase niyang ito. Tahimik at hindi mayabang kahit pa nga ito ang pinakamatalino sa lahat ng mga estudyante sa fourth year. Ngayon lang niya ito napagmasdang mabuti. Guwapo rin naman pala itong si Dwight kahit naka-eye glasses ito na parang magnifying lens na ang hitsura dahil sa kapal. Sa

tingin pa nga niya ay lalong lilitaw ang gandang lalaki nito kung matututo lamang itong mag-ayos ng buhok, katulad ng ibang lalaki sa eskuwelahan nila.

Paano ba namang hindi niya sasabihing guwapo ito ay napakatangos pala ng ilong nito. Ang pangahan nitong mukha ay lalong nagbigay rito ng kakaibang dating sa mga mata ng kung sinuman ang tititig dito nang matagal, na siyang nararamdaman ngayon ni Janette habang masusing nakatingin sa lalaki.

Medyo nadismaya lamang siya nang masilip ang braces nito nang marahan itong ngumiti.

*Oh my, hindi yata ako kikiligin kung hahagkan ako ng lalaking may brace sa ngipin,* naisip niya na bigla rin niyang pinalis. Kung anu-ano ang napapag-isip niya!

Samantala, si Dwight naman ay medyo naaasiwa na sa ginagawang pag-aaral sa kanyang anyo ng magandang babae sa tabi niya. Na-conscious siya bigla sa suot na salamin gayundin sa braces sa ngipin na alam niyang masyadong pansinin.

"J-Janette, a-ang s'abi ko, tungkol ba saan ang itatanong mo sa akin?" tanong ni Dwight. Kung magtatagal pa ang ginagawang pagtitig sa kanya ng

babaeng ito ay baka ibuko pa siya ng sarili niyang damdamin dito.

Napakurap si Janette. "A-Ahm, a-ano na nga ba iyon? M-medyo nagkahalu-halo na yata sa utak ko kaya hindi ko agad maisip, eh." Hindi niya malaman ang sasabihin dahil wala naman talaga siyang problema sa lessons nila.

Sinabi lang niya iyon para nga iwanan siya ni Lervin. Pero dahil nagkasubuan na ay kailangan niyang mag-isip ng topic na hindi niya naintindihan kuno, para naman hindi siya mapahiya sa harap ni Dwight.

Ganoon na lang ang pasasalamat ni Janette dahil bago pa siya mahirapang mag-isip ay narinig nila ang malakas na tunog ng bell, hudyat na magsisimula na uli ang kanilang klase.

"Naku, paano iyan? Time na, hindi pa kita natuturuan," nag-aalalang sabi ni Dwight, kasabay ng panghihinayang. Nangangahulugan iyon na tapos na ang pagsosolo nila ng dalaga.

"Okay lang iyon. Bahala na lang mamaya. Tayo na, sabay na tayong bumalik sa classroom. I'm sure na doon na tutuloy sina Arlene," nakangiting sabi ni Janette.

Hindi nila binigyang-pansin ang pagkapikon sa mukha ni Lervin nang mapadaan sila sa mesa kung saan kasama nito ang mga kaibigan. May palagay si Janette na lalong kakantyawan si Lervin dahil sa nangyari. Pero wala na siyang pakialam doon.

Tuluy-tuloy sila ni Dwight na nagtungo sa kanilang klase. At gaya ng inaasahan niya, nandoon na nga sina Lindy, Erna, at Arlene na pinagtaasan siya ng kilay nang mamataan ang kasama niya.

"NAPAPANSIN namin, Janette, napapadalas yata ang pagsama-sama mo sa Dwight na iyon. Don't tell me na nai-in-love ka na sa nerd na iyon," di-makapaniwalang sabi ni Arlene sa himig na punung-puno ng pang-iinsulto. Hindi tuloy maiwasan ng dalaga na makadama ng inis para sa kaibigan dahil doon.

At lalo namang kumulo ang dugo ni Janette nang makita sina Erna at Lindy na nagtatatawa dahil sa sinabi ni Arlene.

"Of course not! Nagkataon lang na kaming dalawa ang pinag-partner ng ating teacher sa investigatory project natin sa Physics. So kailangan naming magtulungan para maganda ang maging

resulta ng aming project. Tell you what, guys, ang project namin ni Dwight ang mapipili ng school na isali sa Science Competition," mahabang paliwanag ni Janette kahit pa nga hirap na hirap itago ang pagkapikon sa mga kaibigan.

Palibhasa ay alam niyang si Lervin ang gusto ng mga ito para sa kanya. Diumano, perfect pair sila ng lalaki—isang campus heartthrob at isang campus queen. Kaya naman ang lahat ng lalaking lumalapit sa kanya ay pinapakitaan ng mga ito ng hindi maganda.

"Sana nga'y ganoon lang talaga ang nangyayari. Otherwise, hindi lang kaming tatlo ang magtatawa sa iyo. I'm sure, ang buong campus ay lalaitin ka kung sakaling sagutin mo ang nerd na iyon," natatawang sabi ni Lindy.

"W-what do you mean? Nakikipagkaibigan lang naman sa akin si Dwight. Kayo talaga, bakit ninyo naman binibigyan ng malisya ang paglapit-lapit niya sa akin?" nagugulumihanang sabi ni Janette.

Umikot ang eyeballs ni Lindy. "Sus! Ano ka ba naman, Janette? Matalino ka, di ba? So, bakit hindi mo ma-gets na crush ka n'ung nerd na iyon? That's his most precious secret, my dear," maarteng sabi nito na sinang-ayunan naman ng dalawa pa niyang

kaibigan. Ikinataas ng kanyang kilay nang mag-high five ang mga ito kasabay nang malakas na pagtawa.

Hindi talaga iyon alam ni Janette. Akala niya ay kaibigan lang talaga ang turing sa kanya ni Dwight. Although wala namang masama kung totoo nga ang sinasabi ng mga kaibigan.

Ang lalong hindi alam ni Janette ay kung paano ba niya ipapaliwanag sa sarili ang dahilan ng saya sa puso niya dahil sa kaalamang iyon.

“Ano naman ang dahilan ng mga pagtawa ninyong iyan?” tanong ni Janette sa tonong may kasama nang inis. Bahagya tuloy natigil ang pagtawa ng tatlo, pero saglit lang iyon dahil mayamaya lang ay muli na namang bumungisngis ang mga ito.

Pagkaraan ng ilang saglit ay nagsalita si Arlene, sa pagitan pa rin ng paminsan-minsang pagngisi. “Kasi naman, sino ba naman ang hindi matatawa? Just look at the male admirers you have from first year to fourth year. Mga guwapo at may mga sinasabi sa lipunan ang pamilyang kinabibilangan, although wala kaming gustong iba para sa iyo kundi si Lervin. ’Tapos, mababalitaan ng lahat na nadagdag sa list ng suitors mo ang nerd na si Dwight. Oo nga’t matalino at mukhang maykaya rin naman, pero sobra naman iyon sa kabaduyan.”

Muling nagtawanan ang mga ito.

"Nakita mo ba kung paano siya manamit?" ani Lindy. "Ang polo niya, naninigas dahil sa almirol, ang pantalon ay bitin na bitin na animo ba ay laging binabaha itong ating eskuwelahan. At ang buhok, ngi! Mukhang kadiring hawakan dahil sa kapal ng pomada."

Napikon na talaga si Janette. "And so, what's wrong with that? I don't know kung bakit ganoon siya mag-ayos, pero hindi ba naman overacting na kayo sa pagtawa ninyong iyan, gayung wala namang ginagawang masama sa inyo ang tao?"

Natilihan ang tatlo niyang kaibigan. Pero agad nakahanap ng sasabihin si Lindy. "See, girls? Ipinagtatanggol na ni Janette ang secret admirer niyang baduy. Gosh, hindi kami magtataka kung one of these days ay mahulog na rin ang loob mo sa Dwight na iyon."

Umiling si Janette. "Wala akong sinasabi na gusto ko siya! Ang ayaw ko lang ay 'yung pinagtatawanan ninyo ang tao gayung wala namang ginagawa sa inyo. Alin, compared to Lervin, di-hamak na mas maganda ang mga katangiang taglay ni Dwight. Kung nagkataong hindi guwapo si Lervin at hindi magaling sa basketball, do you think magiging

popular siya sa school gayung lagi siyang bagsak sa mga exams niya sa lahat ng subjects? And take note, despite that ay nagagawa pa rin niyang magyabang, as if hindi alam ng lahat ang status niya sa klase," paismid ang pagkakasabi noon ni Janette na tila ba kaharap lamang niya ang tinutukoy na lalaki. "Well, hindi ko naman inaalis na ipagtanggol ninyo siya, knowing na lagi kayong nakakatanggap ng grasya mula sa kanya. But let me tell you this, papatulan ko kahit ang janitor ng ating eskuwelahan, but not Lervin."

Pagkasabi noon ay dali-daling iniwan ni Janette ang tatlo na pawang natigilan.

MASAYANG nag-uusap sina Dwight at Janette nang hapong iyon habang nakaupo sa bench sa ilalim ng isa sa maraming puno ng narra na naroroon sa loob ng kanilang campus. Katatapos lang nilang gawin ang kanilang investigatory project na nakatakda na nilang ipasa kinabukasan.

Hindi sukat akalain ni Janette na sa kabila ng kaseryosohan ng kaklase ay marami rin pala itong jokes na alam. At hindi corny ang mga iyon. Marahil ay dahil bukod sa layunin ng lalaki na makapagpatawa ay sinasamahan rin nito iyon ng

mga intellectual anecdotes. Hindi kagaya ng ibang jokes na naririnig ng dalaga na bukod sa ginaya lang ay gasgas na gasgas pa.

"Tama na nga, Dwight! Masakit na ang tiyan ko sa katatawa. Baka mamaya niyan ay kabagan pa ako, kasalanan mo kapag nanigas na lang bigla ang tiyan ko rito," awat ni Janette sa lalaki.

Hindi maipaliwanag ni Dwight ang kaligayahan dahil sa kaalamang napapasaya niya ang dalagita dahil sa mga inimbento niyang jokes. At lalong nagiging eratiko ang tibok ng kanyang puso sa simpleng paghampas sa kanya ni Janette sa tuwing napapatawa niya ito.

Nang minsan pang hampasin siya uli ng dalaga ay hindi sinasadyang lumampas sa kanyang balikat ang kamay nito na muntik na nitong ikasubsob, kung hindi sa maagap niyang pagkakayakap sa dalaga.

Kinabahan si Janette  nang magtama ang mga mata nila ni Dwight, ganoon din nang biglang rumagasa ang matinding init sa buo niyang katawan, nang matanto ang ayos nilang dalawa.

Dahil nakayakap sa kanya ang lalaki ay alam niyang nararamdaman ni Dwight ang malakas na pagtibok ng kanyang puso. She was also aware na

maaaring maapektuhan ang lalaki sa pagkakalapat na iyon ng kanyang dibdib sa katawan nito.

At ngayon lang nalaman ni Janette na ang katawan pala ni Dwight ay punung-puno ng muscles. Hindi kasi ito pansinin dahil sa maluluwang na polo shirt na isinusuot nito na hindi yata lumalapat sa balat ng lalaki dahil nga sa kapal ng almirol na ayon na rin dito, ay ang ina ng lalaki diumano ang may kagustuhan.

Sa mamahikang sandaling iyon ay hindi alam ni Janette kung sino ang naunang kumilos sa kanilang dalawa na naging dahilan kung bakit hindi sinasadyang naglapat ang kanilang mga labi.

Hindi nga ba talaga sinasadya iyon? Bakit may pakiramdam ang dalaga na tila idinuduyan siya sa langit nang bahagyang gumalaw ang hindi ekspertong mga labi ni Dwight upang tuluyang angkinin pa iyon. That was her first kiss! And gosh, she could not explain the feeling!

Wala namang puwersa ang ginagawang paghalik sa kanya ng lalaki, pero awtomatikong naibuka ni Janette ang kanyang mga labi, dahilan kung kaya malayang nakapasok ang dila nito sa loob ng kanyang bibig upang doon manaliksik.

Gusto niyang panghinaan ng tuhod. Bago ang karanasang ito sa kanya, kaya hindi niya maipaliwanag ang matinding reaksyon ng sariling katawan. At natatakot siya, hindi kay Dwight at sa ginagawa nito sa kanya… kundi sa sarili niya mismo.

Hindi niya kayang pakibagayan ang nag-aalimpuyong damdamin niya nang mga sandaling iyon. Kaya naman kahit labag sa kalooban ay marahang nanulak ang dalawa niyang kamay.

Waring natauhan naman si Dwight, lalo at nakita nito ang takot sa mga mata niya. Inayos nilang dalawa ang pagkakaupo sa bench.

Pagkatapos, tinitigan siya nito. "I… I'm so sorry, Janette! It's just that… I… I love you so much. M-matagal na. Kaya hindi ko nagawang pigilan ang sarili ko na gawin iyon." Ngumiti ito. "And I was right all along, your lips are so sweet, so soft. I swear, ngayong natikman ko na ang mga labi mo, hindi ko na hahangarin pa ang iba pa na mahalikan," madamdaming pahayag nito, sa pagitan ng masuyong pagdama ng mga daliri nito sa kanyang nanginginig pa ring mga labi.

Hindi naman makapaniwala si Janette sa mga ipinahayag ng lalaki, bagaman nararamdaman niya ang sincerity nito sa bawat katagang binitiwan kanina.

Masaya siya, iyon ang nararamdaman niya. Parang isang magandang musika ang kanyang narinig nang ipagtapat ni Dwight sa kanya ang nilalaman ng puso nito. He just said, he was in love with her. At tama nga ang mga kaibigan niya na noon pa man ay may pagtingin na sa kanya ang lalaki.

Her heart was telling her he was sincere at wala siyang pakialam kung pagtawanan man siya nina Arlene, o kahit pa ng buong campus…

Nginitian niya ang binata, bago ibinuka ang mga labi upang bigkasin ang mga katagang alam niyang makakapagpaligaya rito, subalit bago pa man niya naisatinig ang nilalaman ng kanyang puso ay isang nakakalokong tinig ang narinig nila mula sa kanilang tagiliran. Kasabay noon ang malalakas na palakpak at nakakainsultong mga impit na pagtawa.

Sabay silang napalingon sa pinanggalingan ng mga iyon at ganoon na lang ang paniningkit ng mga mata ni Janette nang makita sina Arlene at Lindy kasama si Lervin at tatlo pa nitong kabarkada.

Bigla silang napatayo sa kanilang kinauupuan; hawak pa rin nito ang kanyang kamay. Nagkaroon kasi ng pakiramdam si Janette na may hindi magandang mangyayari dahil sa nakakalokong ngisi ng bagong dating. Nakita niyang bahagyang

ikinuyom ng lalaki ang kamao nito.

Pumuwesto siya sa unahan ni Dwight at matapang na hinarap ang grupo. “W-why are you all here? Puwede iwan n’yo muna kami ni Dwight? May importante lang kaming pinag-uusapan.”

Isang malutong na tawa ang pinakawalan ni Lervin bago nagsalita. “Alam ko na kung ano ang gusto mong sabihin sa nerd na iyan, Janette. Kung nahihirapan ka ay hayaan mo nang ako ang magsabi. Naiintindihan kong napaka-awkward ng sitwasyon mo ngayon dahil hindi mo alam kung paano sasabihin sa lalaking iyan na very embarrassing na para sa iyo ang patuloy niyang paglapit-lapit sa iyo.”

Nanlaki ang mga mata ni Janette sa gustong ipahiwatig ni Lervin.

“No, h-hindi mo naiintindihan, Lervin. M-mahal—”

Hindi na naman pinatapos ni Lervin ang sinasabi ng dalaga.

“Yeah, alam naming mahal ka ng lalaking iyan. At matagal na pala, ah. Ang hindi niya alam ay ginagamit mo lamang siya para i-test kung tunay ang nararamdaman ko para sa iyo, but in the process ay lalo palang tumindi ang pagkagusto niya sa ’yo

and you don't know the way out."

Umiling si Janette; hindi niya alam kung paano pipigilan ang lalaki sa tuluy-tuloy nitong pagsasalita. At hindi niya alam kung paano papawiin ang hapdi, lungkot at galit na unti-unting rumerehistro sa mukha ni Dwight.

"Sana ay noon mo pa sinabi sa akin ang bagay na iyon. But anyway, I'm here to save you from a very uncomfortable situation. Hayaan mong ako ang magsabi sa nerd na iyan na ako talaga ang mahal mo. Dahil tayo naman talagang dalawa ang magkabagay," buong kumpyansa pa ring sabi ni Lervin.

"Stop it! Tumigil ka na, Lervin! Hindi ko alam kung saan mo nakuhang lahat ang mga ideyang iyan. What you have just said are all lies, naririnig mo? Lies! Wala akong sinasabing ganyan kahit kanino," malakas na sabi ni Janette na ikinatigalgal ng manliligaw at ng lima pa nitong kasama.

Hindi niya alam kung may hihigit pa sa pagkasuklam na nararamdaman niya para sa mga kaharap ngayon, lalo't nakikita niya ang poot mula sa nagliliyab na mga mata ni Dwight habang nakatingin sa kanya.

“No, n-nagkakamali ka ng akala, Dwight. H-hindi ko alam ang pinagsasasabi ni L-Lervin,” nagsusumamong sabi ni Janette sa lalaki.

“Bakit hindi mo tanungin sina Arlene at Lindy? Mga bestfriend sila ni Janette, hindi ba? Sila mismo ang nagsabi sa akin ng tungkol sa mga bagay na kasasabi ko pa lang ngayon. I’m sure maniniwala kang hindi ko malalaman ang lahat ng iyon kung hindi sinabi sa akin ng mga kaibigan niya ang tungkol sa plano nilang iyon,” hirit pa ni Lervin.

Awtomatikong napatingin si Janette sa direksyon ng dalawang babae na ngayon ay namumutla na. Marahang tumungo ang mga ito nang makita ang panlilisik ng mga mata niya.

Alam ni Janette na nang oras na iyon ay nawalan na siya ng dalawang kaibigan, at hindi niya pinanghihinayangan iyon. Those two had just betrayed her.

Makakaya niyang tanggapin ang pagkawala ng kanyang dalawang traydor na kaibigan, but not Dwight. Ngayon ay laglag ang balikat nito habang pinapasadahan ng tingin silang lahat.

Mayamaya ay ibinalik na nito ang nagbabagang tingin sa direksyon niya na noon ay umiiyak na.

"Tears? Para saan iyan, ha? All along, I thought na natatangi ka sa lahat ng babae dito sa loob ng campus. Now I know, nagkamali ako."

Pagkasabi noon ay tungo ang ulong nilisan ni Dwight ang lugar na iyon. At pakiramdam ni Janette ay mapupugto ang kanyang hininga habang lumiliit ang tingin niya rito.

At parang gustong gumuho ng mundo ni Janette nang hindi na muli pang nagpakita sa kanila ang lalaki. Ang akala pa naman niya ay makakapagpaliwanag siya rito sa sandaling humupa ang galit nito.

Iyon pala ay wala na itong planong magbalik, kahit noong mapili ang kanilang investigatory project para isali sa taunang Science Competition na ginaganap sa kanilang distrito.

Kinalimutan na talaga siya ng lalaki, hinusgahan agad nang hindi muna pinapakinggan ang kanyang paliwanag.

Parang madudurog ang kanyang puso sa sobrang kalungkutan at sama ng loob, kahit noong tinatanggap niya noong graduation day ang karangalan na para sa kanilang dalawa sana ni Dwight para sa nasabing project. Siya rin ang tinanghal na valedictorian, dahil hindi na tinapos ni

Dwight ang pag-aaral sa *Infant Jesus Academy*.

Sina Arlene at Lindy ay hindi na nagawa pang lumapit sa kanya. Tanging si Erna na lang ang itinuturing niyang kaibigan, lalo't nabatid niyang mahigpit nitong tinutulan ang plano ng dalawang traydor na kaibigan.

At si Lervin, dahil naging biktima rin lang ito ng kasinungalingan ng dalawa ay nagawa naman niyang patawarin. Lalo't inaraw-araw nito ang paghingi ng tawad sa kanya.

Wala itong naging ibang kasalanan sa kanya, maliban sa mahalin siya nang lubos mula noon pa. Nang makapagtapos sila ng kolehiyo, minabuti niyang bigyan ng pagkakataon ang inilalahad nitong pag-ibig. Alam nitong si Dwight pa rin ang mahal niya at umasa sila pareho na matututunan din niyang mahalin ito. Wala siyang maipintas sa binata bilang nobyo, dahil talagang napakamaalalahanin nito. Pero hindi pala iyon ganoon kadali.

Gusto na rin niyang maka-move-on, tutal naman ay mukhang tuluyan na siyang kinalimutan ni Dwight. Gusto na niyang simulang harapin ang bukas kasama si Lervin.

# 3

Isang malakas na busina mula sa sasakyang nasa kanyang likuran ang nagpabalik sa isip ni Janette sa kasalukuyan. Hindi na naman niya namalayang binabalikan na naman niya sa isip ang mga nangyari noon.

Papunta na siya sa Lipa City, Batangas. Doon ang location ng private resort na sinasabi ng daddy niya na pag-aari ng tiyuhin ng kambal na nakatakda niyang alagaan.

Hindi nga lang niya sukat akalaing dito pala sa South Luzon Expressway ay napakatindi ng traffic. Mayamaya pa ay lumuwang na rin ang daloy ng trapiko kaya naman kinabig ng dalaga pakanan ang manibela. Muli siyang napatingin sa kanyang rearview mirror. Wala na ang *Revo*. Isang malaking truck na ang nasa kanyang likuran na may kargang maliliit na drum. Kung anuman ang laman noon ay hindi na alam ni Janette.

Ipinagpatuloy niya ang pagmamaneho at pagkatapos ng ilang beses na pagtatanong, just to verify kung tama ba ang mga kantong nililikuan niya ay nakarating din siya sa kanyang destinasyon,

ang *DAC Private Beach Resort*.

Inaasahan na ng guwardya ang kanyang pagdating dahil agad nitong binuksan ang malaking bakal na tarangkahan pagkatapos niyang sabihin kung sino siya.

Inihimpil ni Janette ang kanyang sasakyan sa tapat ng nag-iisang cottage na nakita niya. Hindi siya sigurado kung iyon na nga ba ang sinasabi ng kanyang ama; it did not look like a cottage to her. Sa tingin pa nga niya ay isang bahay talaga iyon na two-storey.

Pagpasok ni Janette sa loob niyon ay kinapa niya ang switch ng ilaw at gaya ng inaasahan niya, maluwang ang kabuuan ng bahay. Marangya ang mga kagamitang makikita sa loob.

Umakyat siya sa second floor at natagpuan ang dalawang kuwarto na may mga private bathrooms. At dahil ang isang kuwarto ay may dalawang maliit na kama, sa kabilang silid niya inilagay ang mga gamit niya.

Tumingin siya sa orasan na nakasabit sa dingding. Hindi niya alam kung anong oras darating ang dalawang bata kasama ang tiyuhin ng mga ito. And when she saw the bed, pakiramdam niya ay

para bang iniimbitahan siya niyon.

Dahil sa pagod ay agad na nakatulog si Janette pagkaraan niyang iunat ang katawan sa malambot na kama. At ilang saglit pa ay dinalaw siyang muli ng panaginip na ilang gabi na ring gumugulo sa kanyang isipan.

*DINIINAN NI JANETTE ang pagkakatapak sa gasolina, dahilan upang ang dati nang ciento beinte na takbo ng kanyang sasakyan ay lalo pang bumilis.*

*Kailangan niyang magmadali, kung hindi ay tiyak na aabutan siya ng lalaking humahabol sa kanya. Iyon ay walang iba kundi ang galit na galit sa kanyang si Lervin. Kung bakit ay hindi matukoy ni Janette.*

*Paglingon niya sa likod ay ganoon na lang ang panghihilakbot ng dalaga dahil halos kabuntot na ng sasakyan niya ang kotseng gamit ng lalaki. Tinapakan niya muli ang silinyador pagkatapos ilagay sa fifth gear ang kambyo ng sasakyan.*

*Ganoon na lang ang pasasalamat ni Janette dahil mukhang nakalayo na siya sa lalaki. Bagaman gusto niyang malaman kung bakit nagagalit ito sa kanya ay parang kinakabahan siyang hindi niya mawari.*

*Pakiramdam ni Janette, hindi niya magugustuhan ang anumang malalaman niya kapag tinanong niya ang lalaki kaya nga pinakaiwas-iwasan niya ito.*

*Ngayon nga ay nakahinga na siya nang maluwag dahil pagtingin niya sa salamin ay wala na ang sasakyan ng lalaki sa likuran upang magulat lamang dahil nakita niyang nakatayo sa kalsadang kanyang daraanan ang nobyo.*

*Kung nasaan ang sasakyan nito ay hindi alam ng dalaga. Sa tingin niya ay mas mahalaga ngayon kung mapapahinto niya agad ang kanyang kotse dahil kung hindi ay mababangga niya ang lalaki.*

*Pero dahil nga sa sobrang tulin ng kanyang pagpapatakbo ay ayaw nang kumagat ng preno ng kanyang sasakyan, kahit pa nga ilang beses na rin niyang tinapakan iyon. At ngayon, heto na siya sa kinatatayuan ng lalaki. Wala nang paraan para makaiwas pa ito sa paparating niyang sasakyan…*

*Walang nagawa si Janette kundi ang ipikit na lamang ang mga mata at hintayin ang malakas na impact sa kanyang sasakyan sanhi ng pagkakabundol niya kay Lervin. Alam niyang walang pag-asa si Lervin na makaligtas ang trahedyang iyon…*

BIGLANG NAPAPABALIKWAS ng bangon si Janette, habang mabilis na habol ang kanyang paghinga. Hayun na naman ang paulit-ulit niyang panaginip. Naiiba nga lamang ang oras at lugar sa tuwing nananaginip siya, pero iisa rin lagi ang kinahahantungan noon: ang kamatayan ni Lervin, na siya ang may kagagawan.

Kailan ba siya patatahimikin ng mga bangungot na iyon sa kanyang buhay? Ang sabi ng kanyang ama ay hindi naman daw niya kagagawan ang nangyari kay Lervin. Pero kung totoo iyon, bakit sa tuwina ay tila inuusig siya ng kanyang budhi?

Napailing si Janette, manapa ay para maiwaglit ang masasamang alalahanin niya sa isip kahit ilang saglit lamang. At ganoon na lang ang pagnanais niyang sumigaw nang mahagip ng kanyang paningin ang isang pares ng itim na leather shoes na nasa di-kalayuan lamang sa kamang kinauupuan niya.

"Nightmares? I… I heard you calling the name Lervin?" narinig niyang sabi ng tinig na parang pamilyar sa kanya.

Dahan-dahan ang ginawang pag-angat ni Janette sa ulo niya at hindi niya matiyak kung karugtong pa rin ba ito ng bangungot niya. Dahil pagkatapos ni Lervin, heto at ang nabuglawan naman niya ang

mukha ng lalaking ni sa panaginip ay hindi niya inaasahang makikita pa kahit kailan.

“Y-you…”

“So we meet again, Miss Campus Queen, after six long years. Or is it really six years?” Ang tinig na iyon ay punung-puno ng pang-uuyam. Kagaya rin ng tono na ginamit nito sa kanya noon bago sila magkahiwalay, six years ago.

At hindi matiyak ni Janette—galit ba iyong nababanaag niya sa mukha ng lalaki? Kung bakit ay hindi alam ng dalaga. Gustuhin man niyang itanong ay hindi niya magawang ibuka ang bibig dahil hindi siya sigurado kung talaga bang si Dwight nga ang kaharap niya o apparition lamang iyon ng lalaki.

“Lost your tongue? That’s very unusual para sa Janette na nakilala ko dati. Ang pananahimik mo bang iyan ay nangangahulugan pa rin ng guilt mo dahil sa ginawa mo before?”

Hindi talaga maintindihan ni Janette kung bakit may talim ang bawat katagang binibitiwan ng lalaki gayung kung tutuusin ay siya pa nga ang mas dapat maghinanakit dito. He never gave her a chance to explain her side; to defend herself.

Basta na lang nito pinaniwalaan ang lahat ng

sinabi ni Lervin, gayung gawa-gawa lamang ang lahat ng iyon ng dalawang itinuring niyang kaibigan noon.

"I… I don't have any idea what you're saying. K-kailanman ay hindi ako dapat magkaroon ng guilt dahil wala akong natatandaang ginawang kasalanan sa iyo," mataray na aniya. "Anyway, what are you doing here? P-paano ka nakapasok rito?" Cover-up iyon sa kabang nararamdaman niya nang mga oras na iyon dahil ang totoo  ay matindi ang epekto sa kanya ng muli nilang paghaharap ng lalaking ito. She did not know how to get hold of her feelings.

Habang pinagmamasdan niya ang lalaki ay napakarami niyang nakikitang ipinagbago nito, and all these changes were for the better. Tuwid at bagsak na bagsak ang mahabang buhok nito na halos umabot na sa balikat ng lalaki. Makintab iyon at may palagay rin siyang napakalambot.

Wala na rin ang makapal na salaming suot nito noon na nagbigay ng emphasis sa hitsura nitong mukhang nerd. May palagay si Janette na gumagamit na ito ngayon ng contact lens, exposing his tantalizing eyes na tila ba nang-aarok kung tumitig.

At dahil nga wala nang salamin sa mata, lalong

naging very visible ang matangos nitong ilong. Wala namang nabago sa mga labi ng lalaki, mapupula pa rin iyon kagaya ng dati. But when her eyes lingered on his mouth, hindi niya napigilan ang mapa-*'Oh, my God,'* sa isip dahil wala na ngayon ang masyadong pansinin na braces nito.

What she could see now nang bahagyang ibuka ng lalaki ang bibig ay ang mapuputi at pantay-pantay nitong mga ngipin. Ano ang panama sa lalaki ng mga toothpaste commercial models?

In other words, kung noon ay attractive na para sa kanya ang lalaki sa hitsura nito, lalong higit ngayon! Bagay na bagay sa lalaki ang puting polo shirt na naka-tuck in sa suot nitong itim na slacks, minus of course, the almirol. Naging prominente tuloy ang physical magnetism nitong si Dwight dahil sa mga pagbabagong iyon.

Himalang ni hindi napingasan ang taglay na kaguwapuhan ng lalaki, kahit pa nga magkasalubong ang mga kilay nito habang nakatingin sa kanya.

Bahagya pang tumalim ang mga mata nito, marahil dahil hindi nito inaasahan ang pagtataray ni Janette pagkatapos ng mahabang panahon na hindi nila pagkikita. Pero dagli ring nawala iyon, kaya hindi matiyak ni Janette kung nakita ba niya

talaga iyon o hindi.

“Mukhang hindi napagbago ng mahabang mga taon ang angkin mong katarayan. Kung sabagay ay noon pa naman talaga, matapang ka na. Although may palagay akong mas tumindi pa iyon ngayon. Is it because of the fact that you are now one of the best detective agents in your own agency?” sarkastikong sabi ni Dwight na ikinagulat ng dalaga.

“H-how did you… I mean, p-paano mong… h-hindi ba’t…”

Hindi magkandatuto sa pagsasalita si Janette dahil ang alam niya ay talagang hindi na nakibalita pa ang lalaki tungkol sa kung ano ang nangyayari sa kanya simula noong umalis ito at nagpakalayu-layo.

Pero ano’t ngayon lang uli sila nagkita pagkatapos nang mahabang panahon ay alam nito ang tungkol sa *Buenavista Detective Agency* at ang pagiging isa niya sa nagmamay-ari niyon?

“Bakit ganyan na lang ang pagkagulat sa mukha mo? Akala mo ba, tinalikuran ko na ang taong naging dahilan kung bakit pinili kong hindi tapusin ang pag-aaral sa eskuwelahang iyon?”

“W-what do you mean?”

"It means na inalam ko talaga ang lahat tungkol sa iyo dahil naisip ko, it's about time na ibalik ko sa 'yo ang sakit na ipinadama mo sa akin noon—kayo nina Lervin, plus your so-called friends."

Marahang napailing si Janette. "Pero I tried to tell you before na wala akong kinalaman sa lahat ng mga sinabi nila sa 'yo dati."

"Kung hindi totoo ang mga iyon, how come na nakarating sa akin ang balita tungkol sa pagiging malapit mo kay Lervin noong wala na ako, hanggang sa nagkamabutihan na nga kayong dalawa?" Ikinatigalgal ni Janette ang bahagyang angil sa tinig ni Dwight. "Iyon ba ang sinasabi mo'ng ayaw na ayaw mo sa kanya? Na hindi totoong ginamit mo lang ako para pasakitan siya? The moment na wala ako sa eksena ay siya na ang nakikitang palagi mong kasama. Don't pull my leg, Miss Buenavista."

Napatungo si Janette hindi lang dahil sa mga sinabing iyon ni Dwight kundi dahil sa pagkakatawag nito sa kanya. Wala na ang lambing na noon ay naririnig niya sa lalaki sa tuwing tatawagin siya nito sa pangalan.

Paano ba niya ipapaliwanag sa lalaking ito na sinagot niya si Lervin para lamang magpatulong na makalimutan si Dwight? Hindi na siya sumubok na

gawin iyon dahil sa tono ng pananalita ng kausap ay mukhang wala itong panahon na pakinggan ang anumang sasabihin niya.

"A-ano ang kinalaman mo sa pagkakapunta ko rito sa cottage to take care of the twins?" naisip niyang itanong. Sa galit na nakikita niya sa mga mata ng lalaki, hindi malayong isipin na may balak itong paghigantihan siya.

"Hanggang ngayon ba'y hindi mo pa rin nakukuha? Ako ang uncle ng kambal na nakatakda mong alagaan. Kapatid ko si Erika de Ocampo. Ako rin ang nagmamay-ari ng cottage na ito, kung saan magkakasama tayo for three weeks. Ang pagkakaroon ng problema ni Erika ay parang naging blessing in disguise, although mas gugustuhin ko siyempre na wala sana silang marital problems ng kanyang asawa. But since nangyari na nga iyon, I talked to Uncle Ferdie…"

"U-uncle mo ang best friend ng daddy ko?" gulat na ulit ni Janette.

"Yeah. Although noon ko lamang nalaman ang pagiging magkaibigan nila, naisip kong parang kinakasihan ako ng pagkakataon. Mas maganda, di ba? Naririto ka ngayon sa cottage to take care of my niece and nephew. Hindi nahirapan ang uncle ko na

i-convince ang daddy mo to accept that babysitting job na inilapit niya sa *BDA*."

Lalong nalito ang dalaga. "I… I don't understand. Kung talagang nagagalit ka sa akin hanggang ngayon, bakit mas gugustuhin mo pang makasama ako sa loob ng tatlong linggo? At saka paano ka nakatiyak na ako nga ang i-a-assign ng Daddy ko para sa babysitting job na ito?"

Ngumisi ito. "Ang akala ko talaga ay matalino ka, but never mind. Just accept the fact that we will be together for three weeks, whether you like it or not. I explained to my uncle na kailangan niyang gawan ng paraan na ikaw ang mismong ipapadala ng BDA para sa trabahong ito 'though hindi ko sinabi sa kanya kung bakit at kung paano nagawa iyon ni Uncle Ferdie nang ganoon kadali ay hindi na mahalaga sa akin. What's important ay naririto ka na ngayon." Tiningnan niya ito nang matalim. "And if you are thinking of backing out, better think again, Miss Buenavista. Marami akong kakilala sa media. Puwede kong sabihin sa kanila na sumisira pala kayo sa kasunduan ninyo with your clients ay alam kong malaking kasiraan sa inyong agency."

Mahigit dalawang taon pa lang ang *BDA*. Although marami na ang papuring natatanggap nila,

Janette was aware na malaki talaga ang maaaring maging epekto sa kanilang credibility ng anumang sasabihin ng binata sa media kung saka-sakali. Nasasaktan siya dahil hindi niya sukat akalaing ang Dwight na kilala niyang mabait at may mababang-loob… ang Dwight na minahal niya sa mahabang panahon, ay may kakayahan palang saktan siya.

Pero kung inakala nito ay ganoon siya kadaling panghinaan ng loob, nagkakamali ang lalaki. Pagbibigyan niya ito, hindi siya aalis sa cottage at itutuloy niya ang trabahong iyon. Kung anuman ang binabalak sa kanya ng dating kaklase ay nakahanda siya.

Ipinapanalangin na lang ni Janette na sana sa loob ng tatlong linggo ay magawa rin niyang maipaliwanag dito na inosente talaga siya sa ginawa nina Arlene at Lindy noon.

Dahil kahit kailan ay hindi niya naisip na saktan ang lalaking ito na mahal na niya noon pa man. At ngayong nagkita silang muli ay napatunayan niyang hindi pa rin nagbabago ang damdamin niya para rito, ngunit hindi niya dapat aminin pa iyon sa lalaki.

"Tama ka, hindi ko gugustuhing magkaroon man lang ng kaunting lamat ang magandang pagkakakilala ng mga kliyente namin sa *BDA*. I know

it will break my father's heart if that ever happens, so rest assured na hindi ako magba-back-out," matapang na pahayag ng dalagita. "At saka wala naman akong dapat ikatakot sa iyo dahil unang-una, wala akong kasalanan sa iyo. Pangalawa, naririto ako para sa kambal. And speaking of them, puwede ko na ba silang makilala?" malamig na saad ni Janette na tumayo na mula sa kama bago umakmang lalabas ng silid na iyon.

"They are already safely tucked up in their beds. You'll meet them tomorrow," anito.

"In that case, would it be asking too much if I tell you na gusto ko na ring magpahinga?" Pagkasabi niyon ay maluwang na binuksan ni Janette ang pintuan bago tumingin sa direksyon ng lalaki.

Muli na namang naningkit ang mga mata ng huli. Ganunpaman ay wala itong sabi-sabing lumabas ng silid na iyon.

Nanlulumong napasandal si Janette sa pintuan pagkaraang maisara iyon. Hindi niya alam kung ano ang mangyayari sa loob ng tatlong linggo, pero gaya ng sinabi niya sa lalaki, hindi siya magba-back-out. Otherwise, para na ring inamin niya kay Dwight na guilty siya.

# 4

Kinabukasan, maaga pa ring nagising si Janette kahit halos madaling araw na nang makatulog siya. Dahil iyon sa kaiisip tungkol sa naging pag-uusap nila ni Dwight. Bukod pa sa sobrang tensyon dahil nga sa muli nilang paghaharap nito.

Ilang saglit niyang pinakiramdaman kung may kumakaluskos ba sa loob ng silid ng dalawang bata. At nang matiyak na tahimik pa sa loob noon ay tuluy-tuloy na siyang bumaba at nagtungo sa kusina.

Napansin niya ang ilang paper at plastic bags na naglalaman ng grocery supplies na nakapatong sa ibabaw ng mahabang table na naroroon. Marahil ay namili muna ang magtitiyuhin bago nagtuloy sa cottage dahilan kung bakit medyo late na nang makaharap niya ang lalaki.

Hindi pa niya napag-iisipan kung paano ito muling pakikiharapan, lalo na kapag nasa tabi lang nila ang kambal na kanyang aalagaan. She just hoped na ang mga bata ay mas madaling pakibagayan, unlike their uncle.

Nang maubos ni Janette ang isang tasang kape

na kanyang tinimpla ay ipinasya niyang lumabas muna upang maglakad-lakad sa dalampasigan. Tutal ay hindi pa niya alam kung ano ang ihahanda niya for breakfast.

Hihintayin na lang muna niya ang pagsikat ng araw. Marami ang nagsasabi na magandang panoorin ito mula sa tabi ng dagat at gusto niyang makita iyon mismo ng kanyang mga mata.

Ganoon na lang ang paghangang naramdaman ni Janette nang tumambad sa kanya ang kagandahan ng paligid. Ang tubig sa karagatan ay tila mga brilyanteng nagkikislapan sa tuwing natatamaan ng liwanag ng langit na bahagya pa lamang naaaninag ng dalaga.

Maging ang alon ng tubig ay tila ba payapang-payapa sa tuwing humahalik ang mga ito sa dalampasigan.

Sa kabila ng mga alalahanin ni Janette tungkol sa lalaki at sa galit nito sa kanya, wala siyang nadaramang anumang pagsisisi sa pagkakapunta sa lugar na ito.

Nararamdaman niyang malaki ang maitutulong sa kanya ng katahimikan ng pook na iyon.

Hanggang ngayon, hindi pa rin siya

makapaniwala na ang sinasabi ng daddy niya na isang writer ang tiyuhin ng mga bata, na si Dwight pala mismo.

Kung sabagay, noong high school pa lamang naman sila ay kinakitaan na niya ang lalaki nang kakaibang galing sa pagsulat ng poems at short stories.

Pero ang ipinagtataka niya talaga sa binata ay ang malaking pagbabago nito sa pakikitungo sa kanya, ang malaking pagkakaiba ng ugali ng Dwight na nakilala niya noon sa lalaking makakasama niya ngayon. Marahil nga, dahil iyon sa sobrang galit sa kanya.

Kaya naman she would just see to it na hindi na sila muli pang magsosolo ng lalaki kagaya ng nangyari kagabi, at kung hindi maiwasan, she would just make sure na tungkol lang sa kambal ang kanilang pag-uusapan and nothing more.

Kung paano gagawin ni Janette ang mga bagay na iyon ay hindi pa niya alam. She needed to think. Nang makakita siya ng isang nakausling bato malapit sa isang puno sa kanyang paglalakad ay tinungo niya iyon upang doon maupo para sa kanyang gagawing pag-iisip.

Ilang minuto na siyang naroroon at kampanteng pinanonood ang unti-unting pagliliwanag ng paligid nang gulantangin siya ng isang tinig mula sa kanyang likuran.

"Oh, it's you! I thought I've just seen a sea fairy who came out of water to silently observe the beauty of the dawn."

Biglang napalingon si Janette sa pinanggalingan niyon. Kahit madilim sa bahaging kinatatayuan ng nakikita niyang anino ay alam na alam ng dalaga na si Dwight iyon at marahil ay matiim na naman ang pagkakatingin nito sa kanya.

"K-kanina ka pa ba riyan? A-ang akala ko'y…"

Hindi naituloy ni Janette ang sasabihin dahil muntik na siyang mapasinghap nang mapagmasdan ang kakaibang kakisigan na taglay ng lalaki. Nakaputing sando lamang ito at puti ring shorts kaya naman litaw ang maskulado nitong katawan.

"I'm sorry if I startled you. Nagulat lang kasi ako nang makita kitang naglalakad sa dalampasigan. Early riser ka ba?" tanong ng binata bago walang paalam na naupo sa tabi ng dalaga.

"H-ha? Ah, eh… n-namamahay kasi ako. Kaya marahil hindi masyadong malalim ang naging

pagtulog ko," maikling paliwanag ni Janette bago disimuladong inilayo ang sariling binti sa binti ng lalaki.

Nais niyang makaiwas sa tila kuryenteng mabilis na bumalot sa katawan niya sa pagkakadikit na iyon ng mga balat nila kahit pa nga makapal ang jogging pants na suot niya.

"Are you sure na iyon lang talaga ang dahilan?" panggagagad pa ni Dwight na tila nananadyang mang-inis dahil inilapit pa muli ang sarili sa kanya, kaya napapitlag siya. "Bakit ka lumalayo sa akin? Are you afraid of me?"

"O-of course not! Bakit naman ako matatakot sa iyo?"

"Tell me, Janette, is it because of what happened in the past?"

Napatungo siya. Punung-puno ng panunumbat ang tono nito kaya pakiramdam niya ay bumalik sila noong panahong kinasuklaman siya ng binata dahil sa isang kasinungalingan.

Naramdaman ni Janette nang marahang iangat ng lalaki ang baba niya, dahilan upang mapatingin siya nang tuwid dito.

"Bakit nagawa mo sa akin ang bagay na iyon, Janette? Talaga bang wala kang naramdamang anuman para sa akin noon? Is it really Lervin, all along?" Hindi maipaliwanag ng dalaga ang lungkot at hapdi na bumalatay sa mukha ng lalaki pagkasabi noon. Hindi niya tuloy alam kung paano dedepensahan ang sarili. Mayamaya ay nag-iba muli ang hitsura ng lalaki. Kung kanina ay lungkot at hapdi ang nakarehistro sa mukha ni Dwight, ngayon ay matinding galit ang masasalamin sa mukha nito.

Gustong pawiin ni Janette ang iba't ibang damdaming naghahari sa kalooban ng lalaki nang oras na iyon, kaya lang hindi niya alam kung paano.

"Ang akala ko dati, our friendship would last for a long time until it blooms into a relationship bound by trust, by love. Pero sino nga ba ako as compared to Lervin? Isang baduy na nerd, na kung hindi lang dahil sa talinong taglay ay baka ni walang makapansin sa akin," patuloy ng lalaki sa himig na punung-puno ng paghihinanakit.

Napailing si Janette. "No, hindi totoo iyan! S-stop it!"

"Why? Ang akala mo ba'y hindi ko alam na lihim nila akong pinagtatawanan noon? Pero wala akong pakialam kahit pa pawang animosity lamang

ang ipinapakita sa akin ng mga kaklase natin noon." Tinitigan siya nitong maigi. "When we became close, nag-iba ang tingin ko sa paligid. Ang sabi ko sa sarili ko, hindi naman pala lahat ng nakapalibot sa akin ay sa panlabas lamang na kaanyuan ng tao tumitingin. Iba ka sa kanila… but then I was wrong."

Napailing siya. "Please Dwight, if you had just listened to me before, I'm sure…" Ang anumang pagnanais ni Janette na ipagtanggol ang sarili ay naputol nang marinig nila ang maliit na tinig mula sa kanilang likuran.

"Uncle Dwight, ang daya mo naman! You told us last night that we'll watch the sunrise together," narinig ni Janette na sabi ng nalingunan nilang batang lalaki, kasunod ang kakambal nito. Nagpalipat-lipat ang tingin ng mga ito sa kanilang dalawa ni Dwight.

Napapahiyang dumistansya nang kaunti si Janette sa lalaki bago tumingin nang tuwid sa direksyon ng dalawang bata. Kahit hirap na hirap ay pilit niyang nginitian ang mga ito na ginantihan din naman ng mga ito.

At gustong matawa ng dalaga nang simangutan ng dalawang bata ang tiyuhin kasabay ng panghahaba ng nguso.

"Oh, I'm sorry, kids. Ang akala ko kasi ay tulog pa kayong dalawa." Nilingon siya nito. "By the way, Angelo, Angela, I want you to meet Miss Janette Buenavista here. Your mom asked Miss Janette to look after you since Uncle Dwight is going to work here most of the time. I hope you will make things easy for her. Miss Buenavista, these are the twins, Angelo and Angela. These kids are very nice so I'm sure you guys will get along well just fine."

"Hello!" bati niya sa mga paslit. "Since three weeks din tayong magkakasama, you can just call me 'Tita Janette'."

"Hello din po," panabay na sagot ng dalawang bata bago masuyong kumaway sa kanya.

"Mamaya, ipapakita ko sa inyo ang mga dinala kong books. Although, I'm not sure if you know how to read yet."

"We do know how to read. In fact we have already read *Cinderella*, *Sleeping Beauty*, *Snow White* and many more," may pagyayabang na sabi ni Angela.

"Really? Kung ganoon ay tiyak na mag-e-enjoy kayo sa mga dala ko. Sige, later we can go to my room and you can show me how good you are in

reading," humahangang sabi ni Janette.

"Okay. Siguro ay puwede ninyong gawin 'yun after breakfast," sabat ni Dwight. "Pero since nandito na kayong dalawa, we can all watch the sunrise together. Tamang-tama dahil ngayon pa lang naman sisikat ang araw, hindi ba, Miss Janette?" Tumingin ito sa gawi ng dalaga.

"A-ahm, mas maganda siguro kung kayo na lang muna ang manonood kasi I still have to prepare our breakfast," nag-aatubiling sabi ni Janette.

"No! You don't have to do that! I'm sorry kung hindi ko agad nasabi ang arrangement natin tungkol doon. May regular na nagpupunta rito para maglinis at magluto, si Manang Anita. Kagabi ay tinawagan ko na siya and I told her na may tatlong extra pa na aasikasuhin din niya, aside from me. Come on, just join us here."

"Oo nga naman po, Tita Janette," duet uling sabi ng kambal.

"But I still have to… ahm, tama! Hindi pa nga pala tapos ang paglalagay ko ng damit sa aking cabinet, so if you'll excuse me."

Iyon lang at mabilis nang tumalikod ang dalaga para bumalik sa loob ng bahay. Hindi na niya hinintay

na makapag-argumento pa ang lalaki, pero kung nilingon lang sana ni Janette ang kinaroroonan ni Dwight, disin sana ay nakita niya ang pagtiim ng anyo nito habang hinahabol siya ng tingin.

Nakita rin sana niya nang bahagya itong mapangiti. At kung anuman ang ibig sabihin ng magkaibang ekspresyon na iyon ng lalaki ay tanging ito lamang ang nakakaalam.

PAGKATAPOS kumain ng almusal ay nagsabi si Dwight na sisimulan na ang pagsusulat. Tumingin muna ito sa gawi ni Janette bago tuluyang pumasok sa kuwarto nito. Ipinagpalagay ng dalaga na nais nitong iparating sa kanya na siya na ang bahala sa dalawang bata.

Balewalang ikinibit na lang ng dalaga ang balikat bago inaya ang kambal patungo sa kanyang kuwarto upang tingnan ang mga indoor games na dala-dala niya, gayundin ang mga librong pambata. At gaya ng inaasahan ni Janette tuwang-tuwa ang kambal nang ilabas niya ang lahat ng mga iyon mula sa kanyang maleta. Masaya siya dahil sa tingin niya ay nakuha niya agad ang loob ng dalawa.

Naihiling tuloy ni Janette na sana araw-araw

hanggang sa matapos ang tatlong linggong pagtigil niya sa cottage ay laging maisipan ni Dwight na magsulat nang sa gayon ay lagi itong magkukulong sa kuwarto nito. Kapag nangyari iyon, ang kambal lamang ang lagi niyang makakasama at makakaharap. Nangangahulugan iyon na magiging matiwasay ang kalooban niya. Tumatanggi naman doon ang isang panig ng isip niya.

At dahil ayaw ni Janette na maakusahan ng sarili na sinungaling, ay itinuon na lang niya ang pansin sa kambal na aligaga pa rin sa pagbubuklat sa mga pahina ng libro na ibinigay niya sa mga ito at pagtingin sa mga laruan.